# Liham mula Taizé

**Special Edition**

LIHAM 2010

# Liham mula sa Tsina

## SA BAWAT TAO, ISANG PAGNANAIS

Sa kabila ng malalawak na pagkakaibang kultural na nagsisilbing mga tanikala sa pagitan ng mga kontinente, ang lahat ng tao ay bumubo ng isang pamilya[1]: Ang aming pagdalaw sa Tsina ang nagpatunay sa paniniwala namin na ito.

Ano man ang ating kultura, ating gulang o ating kasaysayan, tayo ay nakikibahagi sa isang pagnanais, sa isang pagkauhaw para sa buhay na ganap.

Palagiang bumabalik ang Bibliya sa ganitong pagkauhaw. Tinitingnan nito ito bilang isang tanda na inukit sa atin ng Diyos upang akayin tayo sa kanya.[2] Dahil sa pagkauhaw na ito, hahayaan ba natin na tayo ay maging tigang nang hindi naman inaasam na lubusan at agarang punan ang pagkauhaw na ito?[3] Ito ay maaring maging isang nag-aapoy na pag-ibig sa ating kalooban para sa Kanya na siya laging higit pa sa kaya nating pagkakakilala sa Kanya.[4]

Mas lalo nating hinahanap ang Diyos, mas lalo nating matutuklasan ito: na ang Diyos ang siyang unang naghahanap sa atin. Sa aklat ni propeta Oseas, nagsalita ang Diyos sa kanyang bayan bilang isang lalaki sa kanyang babaing minamahal: "Aakitin ko siya; aakayin uli sa disyerto at doon ko masuyong kakausapin."

*Isang araw bago magsimula ang pagpupulong ng mga kabataang Europeo sa Poznan, Poland (Disyembre 2009), at ang papupulong ng mga kabataang Asyano sa Manila, Pilipinas (Pebrero 2010), kami ay nagpapasalamat dahil sa paanyaya ng mga Kristyano sa Tsina. Ilan sa aming mga brothers ay nakipamuhay ng tatlong lingo sa piling nila at kami ay tunay na naantig sa kanilang ipinakitang pagtanggap. Pagtakapos ng iba't ibang mga pagtitipon,, lumalabas na mahalaga ngang ganap na maunawaan namin ang sitwasyon ng kanilang Simbahan at ng kanilang dakilang bansa, na may 56 etnikong pangkat.*

*Sa bungad ng Katolikong Katedral sa Beijing, nagsasalitan ang mga Kristyano sa pagtanggap sa mga bisitang nagsisidatingan. Sabi sa amin ng isang matandang babae, "Matapos ang maraming taong pagbawal sa pagpapahayag ng pananampalataya, nakita naming nagbukas ang pinto ng simbahan noong huling bahagi ng 1970s. Sa kasalukuyan, parami ng parami ang mga di-Kristyano na dumadayo upang makita kami. Hindi na namin sila kayang tanggapin ng ayon sa aming inaasahan." Pahayag ng isang kabataang lalaki, "Ang kaluluwang Tsino ay palaging nanampalataya sa paraiso, sa kabilang buhay.Nitong mga nagdaang dekada, hindi nawaglit ang mga tradisyonal na pagpapahalaga lalo na ang paghahanap ng kaayusan at paggalang sa mga matatanda. Nitong mga huling taon din, naging mas masagana sa materyal ngunit marami rin ang dumaranas ng kakulangang espiritwal at sila ay naghahanap ng kabuluhan sa buhay. Dumarami ang mga kabataang dumudulog sa relihiyon, lalo na sa mga malalaking lungsod."*
*Maliit pa rin ang simbahan sa Tsina at kalimitan ay nagtitiis sa hindi sapat. Ngunit anong pagkamasigasig ng pananampalataya mayroon ang mga Kristyano! Kahanga-hanga ang kanilang pagiging matatag at matapat. Malinaw sa atin na kumikilos ang Diyos. Nakatagpo namin ang ilang mga mananampalataya na, sa kabila ng kanilang payak na kalagayan ay may aktibong papel sa pagtayo ng kinabukasan ng kanilang bansa. Sa lalawigan ng Sichuan, halimbawa, matapos ang lindol noong 2008, ang ilan ay nagbigay ng tulong sa mga biktima; at ito'y nagpapatuloy nang paggawa hanggang ngayon. Lubusan silang pinahahalagan ng mga taong naninirahan dito.*
*Marami ang nagsalaysay ng mga paghihirap na dinanas ng kanilang mga magulang at ninuno sa ngalan ng pananampalataya. Lahat ng aming nakatagpo ay nagagalak matapos nilang malaman na may iba pang mananampalataya mula sa ibang lugar na malapit ang loob at damdamin sa kanila. Sa isang malaking simbahang Protestante, sinabi namin na tuwing Biyernes, sa Taizé, maraming kabataan ang nagdarasal para sa mga Kristyano sa Tsina at sila ay masigabong nagpalakpakan sa galak.*
*Masakit ang mga sugat dulot ng pagkakahati-hati ng mga simbahan gawa ng mga pangyayari sa nakaraan. Kumbinsidong kailangan na nilang umusad sa kabila nito. May mga Kristyano ngayon na may layuning makipagkasundo. Mahalaga na magsimula ito sa puso ng mga mananampalataya. Ang samasamang pagdulog sa Diyos ng sambayanang nagdarasal ay isang paraan upang ipakita na ang pagkaka-isa ay posible.*
*Sa Tsina, dumarami ang mga Kristyanong nagiging sensitibo sa mga pagkaka-ugnay ng Mabuting Balita at ang pamanang hatid ng mga Sinaunang Aral. Sa iba't-ibang bahagi ng Asya, mayroong mga nagsusumikap na isabuhay ang Mabuting Balita at makipagbahaginan, makipag-alaman, makipag-unawaan sa mga ibat-ibang kultura at relihiyon, at magbigay ng natatanging pansin sa mga dukha. Magkaroon kaya ang mga Kristayano sa ibang kontinente ng higit na inspirasyon na tularan ang pamamaraang ito?*
*Bilang tanda ng pakikipagkaibigan at pasasalamat sa mga Kristyano sa Tsina, ang aming Taizé Community ay nagpalimbag ng isang milyong Bibliya sa pamamagitan ng Operation Hope at ibinahagi ang mga ito sa iba't ibang parte ng bansa.*

1 Tayo ay iisang pamilya ng mga tao na namumuhay sa iisang planeta; kay't mahalaga lamang na ang lahat ay maging abala para sa sanilikha at sa kapaligiran.

2 "O Diyos, ikaw ang aking Diyos, hinahanap kita sa umaga; nauuhaw sa iyo ang aking kaluluwa, tulad ng tuyo at tigang na lupa." (Salmo 63:1). "Pinakananais ka ng aking kaluluwa sa gabi; patuloy kang hinahanap ng aking espiritu." (Isaias 26:9).

3 Tayo ay maaring matukso na punan ang ating mga agam-agam sa mababaw na paraan. Hindi ba ang sobrang pagkain ay isang uri ng pagtakas sa mga katanungang kinatatakutan nating sagutin hanggang sa huli?

4 Sa ikaapat na siglo, inawit ni San Gregoryo Nazianzen ang misteryo ng Diyos: "O ikaw, ang Isa na higit sa lahat, paano ka naming tatawagin sa ibang ngalan? Anong awit ang maihahandog naming sa iyo? Walang mga salita ang makakapaglarawan sa iyo ng lubos.... Ang kalahatan ay nagnanais sa iyo, ang lahat ay dumudulog sa iyo, ang lahat ay nagnanais kang makasama." Kasabay nito, isinulat ni San Agustin: "Sa pamamagitan ng ating pagnanais, pinalalalim ng Diyos ang ating paghahangad. Sa pamamagitan ng paghahangad na ito, nililinis niya ang ating kaluluwa. Sa paglilinis niya nito, hinhayaan niya itong humangad."

At kanya pang dinagdag: "Magiging kabiyak kita magpakailanman; magkabuklod sa pag-ibig at pagsuyo."[5]

Kay Hesus, ang pagnanais ng Diyos para sa mga tao ay naging katotohanang dugo't laman.[6]

Nais ni Kristo na maging malapit sa atin magpakailanman at binayaran niya ang halaga para rito: sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay sa krus, siya ay nagpakababang loob, hanggang sa siya ay maging isang inosenteng pinarusahan ng walang dahilan. Ngayon, nabuhay muli, ipinahahayag niya sa atin ang Banal na Espiritu, isang di-nakikitang presensya na nag-aakay sa atin patungo sa kaganapang na dulot ng Diyos.

## PAGSASA-AYOS NG ATING MGA NINANAIS

Ang ating damdamin ay nag-uumapaw sa mga pagnanais at adhikain: Hinahangad natin ang marami at iba't-ibang bagay. Kahit na minsan ito'y magkakasalungat. Batid naman natin na lahat ng ito ay hindi abot ng ating kakayahan at hindi rin mapapasa-atin. Sa halip na tayo ay sumuko, ang kaalamang ito ay magpapalaya sa atin at makatutulong sa pamumuhay na walang mga balakid.[7]

Oo, mahalagang maiayos natin ang ating mga hangarin. Hindi lahat ay masama, ngunit hindi rin lahat ay mabuti. Marapat nating matutunan kung alin sa mga ito ang dapat pag-ukulan ng halaga at alin ang maaring ipagpaliban.

Ang pagdesisyon kung alin sa mga hangarin ang marapat bigyang halaga, ang pagbibigay pansin kung ano ang nasa kaibuturan ng ating saloobin ay isang paraan na upang mapakinggan ang Diyos. Kinakausap din tayo ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga pagnanais. Nasa sa atin na upang makilala ang kanyang tinig sa gitna ng mga samu't saring tinig sa ating saloobin.[8]

## PAGGIGISING SA ATING PAGHAHANGAD PARA SA DIYOS

Hayaan nating pumaibabaw ang pinakamalalim na pagnanais sa lahat: ang paghahangad sa Diyos!

Isang katotohanan na hindi madaling mapanatiling maalab ang espiritu ng pagkamangha at pagsamba, sapagkat ang ating lipunan ay nagbibigay halaga lamang sa madali at mabilis na pamamaraan ng paggawa. Ganoon pa man, sa gitna ng mahabang pananahimik na tila walang nangyayari, ang Banal na Espiritu ay nananahan na sa atin ng hindi nating nababanaagan.

Kailangang matutong maghintay… Ang pamamalagi lamang nang walang ibang hangad na pansarili. Ang pagluhod, batid na kapiling ang Diyos. Ang pagbukas sa ating mga kamay bilang tanda ng pagtanggap. Ang pananahimik ay isang paraan ng pagiging bukas sa Diyos.

Ang mga madasaling gawi at pagninilay ay naging bahagi na ng mga kulturang Asyano sa loob ng ilang siglo. Sa pamamagitan nito, maari bang magkaroon ng sigasig ng panibago at masidhing buhay panalangin ang mga Kristyanong babad na sa maka-mundong pamamaraan? Sa mga liturhiya at panalangin, ang pagsasaloob ay maaring tambalan ng sama-sama at masayang pananaw.

## PAGBABAHAGI NG ATING ARI-ARIAN

Ang ating pagpapahintulot na tayo ay manahan ng pagkauhaw sa Diyos ay hindi naglalayo sa atin sa mga maka-mundong pag-iisip. Sa halip, ang paka-uhaw na ito ay mag-uudyok pa sa atin na gawin ang lahat para maransan ng iba ang kagandahan ng sanglikha at makahanap sila ng galak sa buhay.[9]

Ang pagsasa-ayos ng ating mga hangarin, ang pagtanggap na hindi natin matatamo ang lahat, ay maguudyok sa atin na huwag sarilinin ang kayamanan.[10] Sa ikaapat na siglo pa lamang pinapaalala na sa atin ni San Ambrosio, "Hindi sa inyo ang mga ari-arian na inyong binibigay sa mahihirap; binabalik niyo lamang ang marapat na kanila."

Ang matutong huwag maghangad sa lahat ay nagliligtas sa atin sa pagkakahiwalay. Ang kayamanang materyal ay kalimitang may katambal na pagsasarili at pagkawala ng dalisay na komunikasyon. Madaling magbago ang mga bagay-bagay. [11]

Maraming simulain na pagbabahagi ang abot-kamay natin: ang pagbuo ng mga samahang nagtutulungan, ang pagtataguyod sa kalakalan ng pagkakabuklod-buklod, pagtanggap sa mga dayuhan, paglalakbay upang makilala ang ibang mga kultura at iba pang panloob na sitwasyong pantao, pagpapalaganap sa pagtutulungan ng mga bayan o parokya, ang pagtulong sa mga nangangailangan, ang paggamit sa mga bagong kagamitan upang makipagtulungan….

5 Oseas 2:16,21.

6 Isang araw, sinabi ni Jesus sa isang babae malapit sa isang bukal: "Painumin mo ako." (Juan 4:7). Ang kabuuan ng kwento ay nagsasabing tunay ngang nauuhaw siyang ipahayag ang handog ng Diyos. Mula sa krus, sasabihin niya, "Nauuhaw ako." (Juan 19:28). Ayon sa konteksto, hindi ba't ang pagkauhaw ang pinakamatinding pagpapahayag ng matinding pagnanais ni Jesus na magbigay buhay at sa paraang ipahayag ang handog ng Ama?

7 Hindi ba't mahalagang matutunan nating mamuhay kalakip ang kakulangan at di-kasiguraduhan sa ating buhay? Pilit itinatago ng mga mayayamang lipunan ang katotohanang ito. Ang lumalabas na punong pinagkaka-abalahan ay ang pagtatago sa kanilang mga kahinaan, pagkalimot sa katotohanan na kalakip na ng buhay ang kahinaang panloob, kahirapan at kamatayan.

8 "Pupurihin ko ang Panginoon, siya ang aking tagapayo; kahit na sa gabi, pinagsasabihan ako ng aking puso." (Salmo 16:7).

9 Ang pananampalataya ay hindi lamang abala sa relihiyon. Ang pananampalataya ay sangkot sa lahat ng bagay na may kinalaman sa kalagayan ng buhay. Ang siyentipikong pagsasaliksik, masining na pagpapahayag, politika, kasunduang pangkalakal o di kaya mga gawaing panlipunan ay paraan ng paglilingkod sa Diyos. Ang pag-aaral o pagtuturo, ang makataong pamamalakad ng pangangalakal, paglilingkod sa pamilya, pakikipagkaibigan, lahat ng ito ang makakapgahanda sa pagdating ng Kaharian ng Diyos.

10 Ang pagbabago sa sistemang pangkalakal at pinansyal sa buong mundo ay hindi mangyayari kung walang pagbabgo sa puso ng tao: Paano ba mailalatag ang punong bato ng mas makatarungang sistema kung mayroon pa ring mga nagnanais na magtamasa ng kayamanan kung ang iba naman ay lalong nalulong sa kahirapan?

11 Kapag ang aming community ay naghahanda para mga pagpupulong ng kabataan sa mga mahahalagang lungsod sa iba't ibang kontinente, bilang mga yugto ng "paglalakbay para sa pagtitiwala sa lupa", inaanyayahan namin ang libo-libong mga pamilya na patuluyin sa kanilang mga bahay ang isa o higit pang mga kabataan na hindi nila kilala at may ibang wikang gamit. At natanto namin na sa mga payak na paraan, maipapakita ang kabutihan sa puso ng tao.

Mag-ingat tayo na huwag mahumaling sa masamang pananaw sa hinaharap sa pagbibigay pansin lamang sa mga masasamang balita. Ang digmaan ay maiiwasan.[12]

Ang paggalang sa iba ay isang mahalagang biyaya upang mapaghandaan ang kapayapaan. Dapat maging bukas ang mga pinto ng mga mas mayayamang bansa. Ang mas higit na katarungan sa mundo ay maaaring mangyari.[13]

Nagkalat ang mga panawagan upang ipalaganap ang katarungan at kapayapaan. Ang kulang lamang ay ang masigasig na ipagpapatuloy ng mabuting hangarin.

Ang Mabuting Balita ay nagaanyaya sa atin na maging payak. Ang pagiging payak ay nagbubukas sa ating puso na maging mapagbigay. Ito rin ang magbubukas sa ating mga puso sa kagalakan na nagmumula sa Diyos.

## TUNGO SA MALALIM NA PAGTITIWALA SA DIYOS

Habang ang pananampalataya ay tila humihina sa maraming mga lipunan, isang espiritwal na paghahangad naman ang nanunumbalik. Kailangan nating matuklasan ang mga wastong salita, mga payak na salita, upang maging madali para sa iba ang pananampalatayang nagbibigay sa atin ng buhay.

Marami ang hindi makapaniwalang sila ay personal na iniibig ng Diyos. Para sa ilan, ang napakaraming pagsubok sa buhay ang nagiging sanhi kung bakit imposibleng magtiwala sila sa Diyos.[14] Paano nating maipapahayag ng malinaw na tunay ngang pinahahalagahan ng Diyos ang ating mga pagduda at paghihimagsik laban sa anumang di makabuluhan at walang saysay?[15] Si Jesus mismo ay nakibahagi sa hirap ng mga nagdurusa, kanyang panaghoy mula sa krus: "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?"[16]

我的心灵渴慕上主

Maraming mga bata ang lumalaki nang walang nakakapagsabi sa kanila na iniibig sila ng Diyos. Sino sa kanila ang may kasamang tatahak sa landas ng pananampalataya?

Sa kanilang pagtanda, mayroon sa kanila ang nawawalan ng ugnayan sa pamayanang Kristyano. Malimit hindi ito isang pinagisipang disisyon, kundi isang magkakabit na pangyayari na naglalagay sa pananampalatay sa kahuli-hulihang antas ng pagpapahalaga. Paano ba makakapagtulungan sa isa't isa ang mga magkakaibigan upang mapanumbalik nila ang kanilang ugnayan sa lokal na pamayanan ng mga mananampalataya?

Minsan, lumalawak ang agwat sa pagitan ng kaalaman ukol sa pananamplataya at sa kaalaman sa ibang disiplina. Ang pananampalataya na nananatiling mga sugnay at maiikling pangungusap na natutunan sa pagkabata lamang ay mahihirapang humarap sa mga katanungan dala ng buhay pagtanda. Matatagpuan natin ang kasiyahan sa pagpapalalim ng ating kaunawaan sa pananampalataya sa bawat yugto ng ating buhay.[17]

## PAGPAPAIBAYO NG ATING KATAPANGAN

Inaanyayahan tayo ng Diyos na baguhin ang mundo, ng may masidhing ambisyon ngunit may malalim na kababaang-loob.

Maaring hikayatin ng mga nakatatanda ang kabataan. Ang mga kabataan naman ay maaring pumantay sa kakayahan ng nauna sa kanila.

Ang pagbabagong ito ay dapat magmula sa ating mga sarili: Hayaan nating baguhin ang ating mga puso ni Jesus na Buhay. Hayaan nating akayin tayo ng Banal na Espiritu sa kalaliman upang matapang nating sasalubungin ang hinaharap.

Tayo ay magalak gawa ng uhaw na idinulot sa atin ng Diyos! Binibigyan tayo ng panibagong sigla sa ating buhay. "Palapitin ang nauuhaw at kunin ng walang kabayaran ang may gusto ng tubig ng buhay."[18]

fr. Alois

[12] Sa kabila ng mga duda at kahit mga pagkabigo, ang unang bahagi ng ika-21 na siglo ay nakulayan na ng lumalaking pagtanggap sa internasyonal na pag-iisip at paghahanap sa mga mas mabisang paraan upang magkabuklod-buklod ang mga tao: pagpapahayag ng kaiisipang pang-publiko, magkaisang pagtugon sa mga pangunahing isyu (klima, kapaligiran, kalusugan, kalakalan)…. Ang higit na pagtutulungan sa pagitan ng mga bansa ay maaring magdala ng mga takot, maari rin nitong mapukaw ang mga di-magagandang reaksyon upang itaguyod ang kani-kanilang katauhan. Ngunit hindi rin ba ito maaring maging mga tanda ng katiyakan ng kapayapaan?

[13] Mayron pa ring siyam na milyong bata na may gulang na hindi lalampas sa limang taon ang namamatay bawat taon at 29% naman ng mga bata mula sa mga mahihirap na bansa ay namamatay dahil sa malnutrisyon. Hindi ito katanggap-tanggap. Kasabay nito, dapat nating ipagdiinan na, salamat sa Convention on the Rights of the Child (Kasunduan ukol sa Karapatan ng Bata) na malakas na sinang-ayunan ng Assembly General ng United Nations noong 1989, ang pagtrato sa mga bata ay nagbago: dahil sa pagtutulungan ng mga bansa; ang kamatayan at malnutrisyon ay bumaba ng halos 30% sa mga nagdaang labingdalawang taon.

[14] Hindi ito ang kaso ng sitwasyon sa lahat ng mga nagdaranas ng malalaking pagsubk. Naalala ko tuloy ang isang kabataang lalaki na lagi kong nakikita sa Taizé. Mayroon siyang hindi nagagamot na karamdaman at ito ay lalong lumalala. Siya ay tunay na nagdurusa. Unti-unti siyang nawawalan ng mga pagkakataong magkaroon ng mas mabuting pamumuhay. Ngunit bakas sa kanyang mga mata at mga kinikilos na siya ay nanatiling bukas. Isang araw, sinabi niya sa akin, "Ngayon, batid ko na kung gaano kahalaga ang pagtitiwala. Noon, hindi ko ito kailangan, ngayon kailangan ko na." At dinagdag pa niya sa kanyang liham para sa akin, "Hindi ko bibigyan ng buong pansin ang aking karamdaman." Sabi ko sa aking sarili: kung alam lang ng binatang ito kung paano ako binibigyan ng sigla ng kanyang mga salita at kung paano niya natutulungan ang iba sa pamamagitan ng kanyang mga kilos. Nasa kanya ang isang pagsasalamin, payak ngunit totoo, ng misteryo ng Pagkabuhay.

[15] Sa mga aklat na bumubuo sa Bibliya at kahit na sa mga kasulatan ng ibang relihiyon, wala yatang dadaig sa pagtatangis ng isang inosenteng nagdurusang makikita sa Aklat ni Job. Kinukutya ni Job ang buhay na puno ng pagdurusa, at kanyang indinadaing ang mundo na kung saan mas mabuti na lang sana na hindi siya ipinanganak dito. Ngunit sa kabila ng katapangangang ito, kinakausap pa rin niya ang Diyos. Hindi nga niya nakuha ang kasagutan sa lahat ng kanyang mga tanong, ngunt natagpuan naman niya ang kapayapaan sa kanyang pakikipag-usap sa Diyos.

[16] Marcos 15:34.

[17] May mga paraan: Mga pangkat na ukol sa pag-aaral ng Bibliya, maiikling pagbasa mula sa Bibliya para sa bawat araw, oras para sa tahimik na pagninilay-nilay, mga pagsasanay sa mga parokya, mga aralin na gagawin sa tulong ng mga paaralan ng teolohiya o ng iba pang mga pangkat pang-Simbahan, mga kurso sa internet…

[18] Pahayag 22:17.

## ANO ANG IYONG GINAGAWA SA IYONG KALAYAAN?

Sa Europa, at ganun din sa ibang bahagi ng mundo, ang tanong na ito ay higit na pinagdidiinan.

Makaraan ang labindalawang taon, bago ang mga malalaking pagbabago sa Europa, nalampasan natin ang maraming mga balakid at nakapgdaos tayo ng dalawang pagpupulong ng mga kabataan sa Gitnang Europa:

– isang Silangan-Kanlurang pagpupulong sa Pecs, Hungary. Habang ang mga kabataan ay nagpupulong, ang “Kurtinang Bakal” sa Europa ay nabuksan sa pagitan ng Hungary at Austria.

– isang Europeong pagpupulong sa Wroclaw, Poland. Habang naghahanda sa pagpupulong na ito, nagiba ang Bakod ng Berlin, at dahil dito nagkaroon ng pagkakataong magkatagpo-tagpo nang malaya ang mga kabataan ng buong kontinente sa unang pagkakataon.

Sa Wroclaw, winika ni Brother Roger sa mga kalahok: “Sa taong ito, marami ang nakasaksi sa pagbagsak ng mga bakal na kurtina at ganon din ang mga balakid ng pagkatakot at kahihiyan. Ngayong mga nakaraan na linggo, araw at gabi kaming nagdarasal para sa kalayaan ng mga tao.”

Pagkatapos ng labingdalawang taon, sa 2009, tatlong pagpupulong ang nagbuklod sa mga kabataan: noong Mayo sa Vilnius (Lituania), noong Oktubre sa Pécs (Hungary), at sa huling bahagi ng Disyembre sa Poznan (Poland) para sa Europeong pagpapulong.

Sa kaganapang ito, ating itanong sa ating mga sarili: ngayon, sa Europa at sa ibang mga kontintente, pinagninilayan ba natin ng husto ang kahulugan ng kalayaan? Ang bawat kabataan ay maaring magtanong: Ano ang iyong ginagawa sa iyong kalayaan?

## HAYAAN MONG PAGTIBAYIN KA NG SALITA NG DIYOS AT NG SAMA-SAMANG PAGDARASAL

Sa Tsina, nakilala naming ang ilang mga pangkat ng Kristyanong naniniwala sa kayamanan ng Bibliya.[1] Ang iba ay gusto pang magpatuloy sa pagbabasa nito, ngunit hindi ito ganoon kadali. Kasama sila, ating alalahanin ang dalawang gabay na ito:

– Nasa puso ng Bibliya ang pag-ibig ng Diyos. Sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan, ang lahat ay nagsisimula ng may sariwang pag-ibig; makakaranas ng pagsubok, at kahinaan. Ngunit ang Diyos ay hindi napapagod sa pagmamahal sa atin; lagi niyang hinahanap ang kanyang bayan. Ang Bibliya ay isang salaysay ng katapatan ng Diyos.

– Ibinibigay ng Diyos ang kanyang sarili sa pamamagitan ni Kristo: siya ang Salita ng Diyos. Kapag binabasa natin ang Bibliya, nakikilala natin si Kristo; naririning natin ang kanyang tinig; tayo ay tumutuloy sa isang personal na relasyon kasama siya.[2]

Sa pagbabasa, maaring isang salita lamang ang ating maalalala. Ang mahalaga ay pagsasabuhay nito. Sa pamamaraang ito, lalo nating naiintindihan ito ng husto.

Sa Tsina, tayo rin ay nanalangin kasama ang Kristaynong sanay na sa mga awitin ng Taizé na isinalin sa kanilang wika. Ang iba ay nagtanong sa amin kung paano makakapagdaos ng mahusay na dasalan kasama ang iba. Nagbigay kami ng ilang praktikal na detalye sa kanila, gawa ng mahaba nating karanasan sa komunidad. Sa pagsunod nito, sila rin dapat ay nakaayon sa mga katangian ng bawat lokal na Simbahan:

• Ayusin ang lugar ng dasalan sa payak na paraan, nang sa gayon ay maging ito kaaya-aya sa pagsamba.

• Siguraduhing maayos ang daloy ng dasal: mga awit, salmo, pagbasa, awit, katahimikan (mga 8 o 10 minuto), panalangin ng bayan, Ama Namin, huling panalangin, mga awit.

• Habang nagdarasal, bumasa ng isang maikling teksto mula sa Bibliya na madaling intindihin, at isantabi ang pagpapaliwanag ukol mga mahihirap na teksto sa labas ng oras ng sabayang pagdarasal.

• Umawit ng isang pangugnusap mula sa Kasulatan o sa tradisyon ng paulit-ulit upang ito ay mag-ugat sa ating mga kalooban. Ang inaawit na kataga ay madaling matutunan at maari itong gumabay sa atin araw at gabi.

• Gumamit ng mga payak na tanda: tuwing Biyernes ng gabi, halimbawa, maglagay ng larawan ng krus sa lapag. Ang lahat ay maaring lumapit at ipatong ang kanilang mga noo sa krus. Ipinahahayag nila sa kilos na ito na kanilang ikinakatiwala kay Kristo ang kanilang mga pasan at pasakit sa buhay. Sa Sabado ng gabi, basahin ang Mabuting Balita ng Pagkabuhay habang ang mga bata ay nagsisindi ng maliit na kandila na handog ng lahat, ikinakalat ang liwanag ng Pasko ng Pagkabuhay.

1 Sa buong mundo, mayroong maraming patunay kung paano tinanggap at minahal ang Bibliya, kung paano it tumagos sa kailaliman ng tao at kung paano tayo aakayin ng pagmamahal na ito. Sa Latvia, noong 1940, isang paring nagngangalang Victor ay dinakip dahil siya ay may dalang Bibliya. Tinapon ng mga alagad ng pamahalaan ang Bibliya sa lupa at inutas nila ang pari na tapakan ito. Ngunit siya ay lumuhod at hinalikan niya ang Bibliya. Siya tuloy ay nasentensyahan ng sampung taong paghihirap at pagtratrabaho sa Siberia.

2 Ukol sa Kasulatan, sinabi ng isang obispo sa Pilipinas: “Nagsasalita ang Diyos, ngunit siya rin ay nakikinig, lalo na sa mga biyuda, mga ulila, mga inaapi, mga dukha na walang boses sa lipunan. Kaya’t upang maintindihan ang Salita ng Diyos, dapat nating matutunan kung paano nakikinig ang Diyos.”

## Ilang mga hakbang sa 2010 para sa Paglalakbay ng tiwala sa lupa

Si Brother Alois, kasma ang ibang brothers, ay pupunta:
… sa Portugal:
pagpupulong sa Porto, Pebrero 13-16
… sa Bosnia-Herzegovina:
Sarajevo, Setyembre 3-5
… sa Norway:
Oslo and Trondheim, Setyembre 17-19

### Mga internasyonal na pagpupulong ng mga kabataan

Ang ika-limang Asyanong pagpupulong ay gaganapin sa Pilipinas, sa Manila, Pebrero 3-7, 2010
Sa pagpupulong sa Poznan, sasabihin ang lugar na pagdadausan ng …
… ikalawang internasyonal na pagpupulong sa Latin Amerika, Disyembre 8-12,
… ang ika-33 Europeong Pagpupulong, Disyembre 28, 2010 – 1st January 2011
Mga mensaheng natanggap ukol sa pagpupulong sa Poznan: tingnan ang http://www.taize.fr

Photos : Taizé
Directeur de publication : A. Trochard, Edition et impression : Ateliers et Presses de Taizé, 71250 Taizé, France, CPPAP n° 0110K79608 - DL 1110